

Committee of the Person o Lupon para sa Tao

Kailan dapat Gamitin

Kapag ang isang matanda o taong nasa hustong gulang ay wala nang kakayayang gumawa ng mga desisyon para sa kanyang personal na mga gawain at kinakailangang magpasya para sa isang mahalagang pagpapagamot na medikal, isang miyembro ng pamilya o kaibigan ay maaaring mag-apply sa Hukuman upang mahirang na Committee of the Person (Lupon para sa Tao). Dahil sa napaka-personal na katangian ng mga desisyong ito, ang tungkulin ng Committee of the Person ay pinakamahusay na gampanan ng isang pinakamalapit na miyembro ng pamilya o kaibigan.

Awtoridad

Kapag ang isang tao ay hinirang ng Korte Suprema ng British Columbia na maging Committee of the Person, siya ay may responsibilidad na gumawa ng mga personal na desisyon sa ngalan ng taong nasa hustong gulang.

Paano ang pag-apply

Ang taong ito ay dapat mag-apply sa Korte Suprema ng British Columbia na mayroong mga katibayang sumusuporta sa dahilan para sa aplikasyon. Katulad ng aplikasyon para sa Committee of Estate (Lupon ng mga Ari-arian), dalawang affidavit na medikal (sinumpaang pahayag) ang kinakailangan na nagkukumpirma na wala nang kakayahan ang taong nasa hustong gulang, kung may mga legal na gastos na natamo, ang hukuman ay maaaring mag-utos na sila ay bayaran mula sa ari-arian ng nasa hustong gulang.

Tungkulin ng Public Guardian and Trustee

Ang Public Guardian and Trustee ang nagsusuri ng lahat ng mga aplikasyon para sa Committee of the Person upang matiyak na ang mga dahilan ay makatwiran at ang mga indibidwal na naga-apply ay angkop para sa responsibilidad na ito. Ang Public Guardian and Trustee ay gumagawa ng rekomendasyon sa Korte batay sa pagsusuri o pagrebasong ito.

Maaari ring mag-apply ang Public Guardian and Trustee sa hukuman upang mahirang ito mismo na Committee of the Person kung walang mga miyembro ng pamilya o mga kaibigan na handang akuin ang responsibilidad na ito.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa:

**The Public Guardian and Trustee
of British Columbia**
#700 - 808 West Hastings Street
Vancouver, B.C. V6C 3L3
Telepono: (604) 660-4444 Fax: (604) 775-0207
Bisitahin ang aming website sa www.trustee.bc.ca